Kaloob ng Washington College

Tuparin ang iyong mga pangarap!

Simula sa 2020, mas maraming residente ng Washington ang makakapasok sa kolehiyo sa kakaunting pera. Para sa marami, magiging libre ito. Ang Kaloob ng Washington College, ang dating Kaloob na Pangangailangan ng Estado, ay isang garantiya na ang mga mag-aaral na ang kita ng pamilya ay nakatutugon sa hangganan ng tulong na pinansyal ay makakakuha ng buong halaga upang makabayad sa matrikula at mga bayarin kung nagpaplano silang pumasok sa isang pampublikong paaralan ng estado, at bahagi ng matrikula kung papasok sila sa isang aprubadong pribadong kolehiyo o unibersidad. Listahan ng mga karapat-dapat na institusyon: https://readysetgrad.wa.gov/eligible-institutions. Pinaaabot ng bagong batas ang mas maliliit na halaga ng tulong sa mga mag-aaral na ang mga pamilya ay umaabot sa panggitna na kita. Nangangahulugan iyon na maaabot ang kolehiyo para sa marami na maaaring hindi naging kuwalipikado sa ilalim ng lumang cutoff ng pinansyal na tulong.

Planuhin ang iyong kinabukasan!

Magagamit ang mga pondo sa iba't ibang pag-aaral pagkatapos ng high school, kabilang ang dalawa at apat na taong kurso at trade at teknikal na kurso, pati na rin mga aprubadong programa ng apprentice.

Ang Kaloob ng Washington College ay isang kaloob, hindi utang, kaya hindi mo kailangan itong bayaran.

Maisasama mo ang kaloob sa iba pang tulong ng estado at pederal upang saklawin ang malaking bahagi ng lahat ng gastusin na may kaugnayan sa pag-aaral, hindi lang matrikula.

Alamin pa

- Kaloob ng Washington College: https://wsac.wa.gov/pathways
- Upang makatanggap ng kaloob, dapat kumpletuhin ng mga mag-aaral ang form na Free Application for Federal Student Aid (FAFSA). Kung pinipigilan ka ng iyong katayuan sa imigrasyon na sagutan ang form ng pederal, maaari mong sagutan ang form na Washington Application for State Financial Aid (WASFA). Ang pagsagot sa alinmang form ay ang unang hakbang sa pagkuha ng perang ito. Makukuha ang parehong form sa https://wsac.wa.gov/apply
- Alamin kung paano makahingi ng tulong sa pag-a-apply sa kolehiyo at pinansyal na tulong: https://readysetgrad.wa.gov/12thyear

Ipinagkakaloob ang impormasyong ito ng Washington Education Association, ang nangungunang tagapagtaguyod ng ating estado para sa mga pampublikong paaralan, mag-aaral at tagapagturo. Bisitahin ang https://www.WashingtonEA.org